

Lungsod ng Vancouver
Bulletin ng Impormasyon
Mayo 1, 2020

Pahayag ng Siyudad laban sa rasismo sa ilalim ng pandemyang COVID-19
Karahasang anti-Asyano at paninira hindi papayagan sa ating siyudad

Sa ating paghahanda sa pagdiriwang ng Asia Heritage Month sa Vancouver sa buwan ng Mayo, kinakailangang kilalanin ng Siyudad ang pagdami ng mga insidente ng mga nakakamuhi na mga salita, paninira at karahasan sa loob ng ating siyudad na nakapuntirya sa mga may Asyanong pinagmulan.

“Bilang isang Siyudad ng Pagkakasundo (City of Reconciliation), ang Vancouver ay naninindigan laban sa rasismo at sa diskriminasyon at para sa pagkakaiba, pagsasama at ang buong pakikilahok ng lahat sa lipunan,” ayon sa City Manager Sadhu Johnston. “Ang malusog na pamayanan ay nabubuo at umuunlad kapag ang lahat ay nakadarama ng pagbubuklod, paggalang sa pagkakaiba at pag-unawa sa iba’t ibang kultura, at pagkakaroon ng pagkakaisa. Ni isa man ay hindi dapat maramdaman na siya ay hindi ligtas, ginugulo o hindi kabilang. Kami sa Lungsod ng Vancouver ay hindi papatol sa anumang aksyon ng pagkamuhi.”

Ang kasaysayan ang nagtuturo na ang rasismo at diskriminasyon ay lalong tumitingkad sa panahon ng krisis. Habang patuloy ang iba’t ibang anyo ng rasismo, diskriminasyon batay sa pananampalataya, at ng mababang pagtingin sa mga taong nabubuhay sa kahirapan, ang pandaigdigang pagkalat ng coronavirus ay nag-udyok ng pagpuntirya at pagtindi ng takot o galit sa mga banyaga (xenophobia) at ang anti-Tsino/anti-Asyano na rasismo sa mga lungsod sa buong daigdig.

Ang Vancouver Police Department (VPD) ay nag-iimbestiga ng ilang insidenteng anti-Asyano nitong mga nakaraang linggo. Siniseryoso ng Siyudad at ng Vancouver Police Department ang mga krimen ng pagkamuhi (hate crime) at mga insidenteng udyok ng pagkamuhi. Sino man na naging biktima ng ganitong krimen o nakakita ng ganitong krimen ay hinihikayat na mag-ulat nito sa [pulisya](#).

“Kailangan nating harapin at labanan ang rasismo at diskriminasyon kung kailan at kung saan man ito mangyari,” ayon kay Sandra Singh, General Manager ng Arts, Culture at Community Services para sa Siyudad. “Ang bawa’t isa sa atin ay may tungkulin na tumindig laban sa diskriminasyon sa lahi (racial prejudice) at mga panatikong saloobin. Kami sa Siyudad ng Vancouver ay tumitindig kasama ang ating iba’t ibang komunidad at ipinagdiriwang ang kanilang mga kontribusyon sa buhay ng ating kahanga-hangang siyudad. At patuloy kaming susuporta sa mga matagal ng naging bulnerable dahil sa rasismo, kahirapan at eksklusyon.”

Suporta at Inisyatiba Para sa Komunidad:

- [VPD Diversity, Inclusion and Indigenous Relations Section](#) ay ang bahagi ng pulisya na nagpapatupad ng mga inisyatiba para sa kaligtasang pampubliko,

tumutulong sa pagbubuo ng mga partnership pang-komunidad, at tumutugon sa pambibiktima at nag-iimbetiga ng mga insidenteng udyok ng bias, pagkiling at pagkamuhi.

- [Resilience BC Anti-Racism Network](#) ay isang anti-rasismo na network na umuugnay sa mga komunidad para magbigay ng impormasyon, suporta at pagsasanay para makatugon at para mahinto ang mga insidente ng rasismo at pagkamuhi.
- Ang MOSAIC ay isang grupo sa komunidad na nagbibigay ng [mga serbisyo tulad ng ligal na adbokasiya, pagtaas ng kamulatan sa mga hamon gawa ng lahi, suporta para sa LGBTQ na bagong-dating sa Canada, at suporta para sa mga biktima mula sa iba't ibang lahi](#)
- Inilulunsad ng Vancouver Asian Film Festival ang 'elimin8hate,' isang kampanyang multi-midya para isa-dokumento at baguhin ang mga atakeng rasismo laban sa mga Asyano-Canadian para sa mga positibong at pampublikong anunsiyo

-30-

Para sa mga patnugot: Sa kinagabihan ng Mayo 1, ang Bulwagan ng Lungsod ng Vancouver (Vancouver City Hall) ay sisilawan ng pulang liwanag bilang hudyat ng pagbubukas ng Asian Heritage Month at ng simula ng Virtual explorASIAN. Bilang paggunita sa okasyong ito, magkakaroon ng live-streaming ang VAHMS ng kanilang pagbubukas ng programa sa [exporASIAN's Facebook page](#) mula sa hilagang hagdan ng City Hall - ang mga detalye ay matatagpuan sa [explorAsian web site](#).

Kontak sa midya:

Civic Engagement and Communications

604.871.6336

media@vancouver.ca